

PRAYER

- Pasalamatan si Jesus sa pagpapakita na Siya ay walang sinumang pinapaboran nang mamatay Siya para sa atin sa krus. Pasalamatan Siya sa personal na relasyon na mayroon ka sa Kanya.
- Hingin sa Diyos ang Kanyang kaisipan, pangitain, at salita upang maipakita sa iba ang Kanyang pagmamahal sa pamamagitan mo, anuman ang kanilang hitsura o pag-uugali. Ipanalangin na sa piling Niya, matutunan mong ituring ang mga tao nang walang pinapaboran.
- Ipanalangin ang kapangyarihan ng Diyos na baguhin kung paano mo nakikita ang ibang tao. Ipanalangin na maipakita mo sa isang kapamilya ngayong linggo ang Kanyang walang kinikilingang pagmamahal.

NOTES

Pantay-Pantay na Pagtrato sa Kaharian

WARM-UP

- Sino ang iyong pinakamalapit na kaibigan? Bakit?
- May nagpakita na ba sa iyo ng mas magandang pagtrato? Ano ang naramdaman mo?
- Naramdaman mo na ba na parang nakatanggap ang isang tao ng mas magandang pagtrato kaysa sa natanggap mo? Ano ang nangyari?

WORD

*¹Mga kapatid, bilang mga mananampalataya ng dakilang nating Panginoong Jesu-Cristo, dapat wala kayong pinapaboran. . . . ⁸Pero kung sinusunod ninyo ang utos ng Hari sa Kasulatan, na nagsasabi, "Mahalin mo ang iyong kapwa, gaya ng pagmamahal mo sa iyong sarili," mabuti ang ginagawa ninyo. **SANTIAGO 2:1,8***

Si Santiago ay nakikipag-usap sa mga Kristiyanong Hudyo na nagsipangalat dahil sa pag-uusig. Nagsimula man ang kanyang liham sa pagbibigay ng lakas ng loob at pag-asa sa oras ng pagsubok, isa rin itong paalala kung paano dapat kumilos ang mga tagasunod ni Cristo. Makikita natin dito kung paano niya ipinalala sa kanila na dapat ay wala silang pinapaboran at dapat nilang mahalin ang iba gaya ng pagmamahal nila sa kanilang sarili. Para sa ating pinanghahawakan ang ebanghelyo, dapat natin itong ipakita sa hindi natin pagpabor kanino man sa ating nakikita, sinasabi, at iniisip.

1 Ang Ating Nakikita

Halimbawa, dumating sa inyong pagtitipon ang isang mayaman na may gintong singsing at nakasuot ng mamahaling damit, at dumating din ang isang mahirap na punit-punit naman ang damit. SANTIAGO 2:2

Ipinakita ni Santiago ang kaibahan sa dalawang lalaki: ang isa ay may alahas at mamahaling kasuotan at ang isa naman ay punit-punit ang damit. Kadalasan, ang una nating napapansin sa ibang tao ay ang nakikita sa panlabas—ang kanilang itsura, kasuotan, pag-uugali, mga nagawa, at katayuan. Minsan, itinuturing natin na mas mataas o mas mababa ang antas ng mga tao ayon sa mga ito. Naranasan mo na bang magkamali sa opinyon mo sa isang tao dahil sa kanyang panlabas na anyo? Ano ang nangyari?

2 Ang Ating Sinasabi

Kung aasikasuhin ninyo nang mabuti ang nakasuot ng mamahaling damit at bibigyan ng upuan, samantalang ang mahirap ay patatayuin na lang ninyo o pauupuin sa sahig. . . . SANTIAGO 2:3

Ipinagpatuloy ni Santiago ang kuwento sa pamamagitan ng pagbibigay ng kaibahan sa pagtrato sa dalawang lalaki. Ang mayaman na lalaki ay bibigyan ng upuan. Samantala, ang mahirap na lalaki ay sasabihang tumayo na lamang o kaya ay maupo sa sahig. Kung itinuturing natin ang ibang tao na mas naka-aangat o mas mababa sa iba, makikita ito sa pakikipag-usap at pagtrato natin sa kanila. Ano ang sinasabi ng Mga Taga-Galacia 3:28 tungkol sa kung sino tayong lahat kay Cristo?

3 Ang Ating Iniisip

. . . hindi ba't may pinapaboran kayo ayon sa masama ninyong pag-iisip? SANTIAGO 2:4

Ang mga taong ibinabatay ang paturing sa iba ayon sa kung ano ang kanilang nakikita ay tinawag ni Santiago na may *masamang pag-iisip*. Ang paraan natin ng pag-iisip ang nagdidikta kung paano natin nakikita, kinakausap, at tinatrato ang iba. Subalit, bilang mga tagasunod ni Cristo, wala dapat tayong pinapaboran dahil si Cristo ay namatay para sa ating lahat. Kaya kahit sa ating pag-iisip, ang ebanghelyo ay dapat na ipinapakita. Ano ang sinasabi ng Mga Taga-Roma 12:2 tungkol sa paraan ng ating pag-iisip?

APPLICATION

- Paano mo nakilala si Cristo? Ano ang natutunan mo sa pagkakakilanlan mo sa Kanya?
- Ano ang hitsura o pag-uugali na nakakainis para sa iyo? Ano ang isang bagay na maaari mong gawin ngayong linggo para maalala mong huwag ikumapara ang sarili sa iba, kahit sa isipan lamang.
- Ano ang isang bagay na maaari mong gawin ngayong linggo upang ipakita sa isang kapamilya o kaibigan na nakikita mo siya kung paano siya nakikita ni Jesus—minamahal at karapat-dapat iligtas?